

Ang Hamon ng Pagtuturo ng Filipino sa mga Mag-aaral na Mas Sanay sa Ingles

Daisy D. Lamorinas

Western Mindanao State University, Zamboanga City, 7000, Philippines

Corresponding email: daisylamorinas04@gmail.com

Sa maraming paaralan sa lungsod sa buong Pilipinas, ang pagtuturo ng Filipino ay nagiging mas mahirap kaysa dati. Maraming estudyante na lumaki sa mga tahanan ng Ingles ang pangunahing wika, o kaya'y pumapasok sa mga paaralang gumagamit ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo, ang kadalasang hindi interesado o tumatanggi sa mga aralin sa Filipino. Ngunit ito ay hindi lamang simpleng isyu ng kagustuhan—ito ay sumasalamin sa mas malalalim na suliranin tulad ng kakulangan sa kagamitan, kahandaan ng guro, at usaping pangkultura. Ang masusing pag-unawa sa mga hamong ito ay mahalaga upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto ng wikang pambansa.

Ayon sa isang pag-aaral nina Meneses, Gellio, at Janer (2023), maraming guro, partikular yaong dalubhasa sa asignaturang Ingles na napilitang magturo ng Filipino, ang nakakaramdam na sila ay "hindi angkop" sa asignatura. Kadalasan, kulang sila sa kaalaman sa wika at sa kontekstong kultural na kinakailangan upang maging epektibo sa pagtuturo. Ang ganitong "out-of-field assignment" ay nagdudulot ng kawalan ng kumpiyansa at nakaaapekto sa kakayahan ng mga guro na mapukaw ang interes ng mga mag-aaral.

Para sa mga estudyanteng mas bihasa sa Ingles, ang Filipino ay itinuturing na "nakakainip" o mahirap unawain. Batay sa mga karanasang inilathala sa Scribd (2024), bumababa ang motibasyon ng mga mag-aaral kapag ang Filipino ay itinuturo nang hiwalay sa kanilang interes o sa kontekstong ginagamit nila araw-araw. Bagaman sinisikap ng mga guro na gamitin ang mga estratehiya tulad ng dula-dulaan, laro sa wika, at teknolohiya, kulang ang mga ito kung walang sapat na suporta mula sa institusyon.

Isang karaniwang pangyayari sa mga silid-aralan ang pagsasanib ng Filipino at Ingles o code-switching. Ayon kina Dinoy et al. (2021), ginagawa ito ng mga guro upang mapadali ang pag-unawa sa mga konseptong mahirap ipaliwanag at upang mahikayat ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Ngunit kapag hindi planado o naaangkop ang paggamit nito, maaaring mahadlangan ang pagyabong ng bokabularyong Filipino ng mga bata. Kinakailangan ng balanse sa pagitan ng kalinawan at lubos na pagkakalantad sa wika.

Kahit sa mga silid-aralan ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), nangingibabaw pa rin ang Ingles. May mga guro na mas pinipiling gumamit ng Ingles sapagkat iniisip nilang mas kapaki-pakinabang ito sa hinaharap ng mga estudyante. Ipinapakita ng pananaliksik nina Montero, Tupas, at Tarrayo (2018) na ang ganitong pananaw ay humahadlang sa pagpapahalaga sa Filipino bilang makabuluhang wika ng pagkakakilanlan.

Upang harapin ang mga hamong ito, ilang mahahalagang hakbang ang nararapat isagawa. Una, kinakailangan ng pagsasanay para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ngunit wala sa kanilang espesyalisasyon, gaya ng mga guro ng Ingles. Kailangang bigyan sila ng kasanayan sa wika, kaalamang pangkultura, at angkop na estratehiya sa pagtuturo (Meneses et al., 2023). Ikalawa, dapat maging mas makatawag-pansin ang mga aralin sa Filipino, gamitin ang mga lokal na kuwento, makabuluhang babasahin, interaktibong aktibidad, at teknolohiya upang mas maging konektado sa mga mag-aaral (Magno et al., 2024; Scribd, 2024). Ikatlo, dapat sanayin ang mga guro sa makabuluhang paggamit ng code-switching upang maging tulay sa mas malalim na pag-unawa nang hindi nakokompromiso ang paggamit ng Filipino (Dinoy et al., 2021). Ikaapat, dapat hamunin ang paniniwalang mas mahalaga ang Ingles kaysa sa Filipino. Sa pamamagitan ng mga seminar at replektibong pagsasanay, maaaring baguhin ang ganitong pananaw at muling itampok ang halaga ng wikang Filipino sa pambansang pagkakakilanlan.

(Montero et al., 2018). At panghuli, kailangang tiyakin ng mga patakarán at programang pang-edukasyon na sapat ang mga guro sa Filipino sa mga paaralan at may malinaw na suporta para sa kanilang kakayahan (Meneses et al., 2023).

Ang pagtuturo ng Filipino sa mga estudyanteng mas bihasa sa Ingles ay hindi lamang simpleng usapin ng wika—ito ay suliraning pedagogikal at kultural. Kung hindi handa ang mga guro, hindi makatawag-pansin ang mga materyales, at hindi kontrolado ang paggamit ng code-switching, madaling isantabi ang Filipino bilang asignatura. Ngunit sa pamamagitan ng tamang pagsasanay, makabago at makabuluhang pagtuturo, at muling paghubog sa pananaw ng mga guro, maibabalik ang sigla ng pagkatuto ng wikang Filipino at matutulungang kilalanin ito bilang salamin ng ating pagkatao.

References

- Dinoy, D. T., Alieto, E. O., Buslon, J. B., & Matildo, R. M. E. (2021). *Pedagogic code-switching in a multilingual classroom: Perceptions and reasons of ESL teachers*. Western Mindanao State University. <https://ejournals.ph/article.php?id=16246>
- Magno, I. M., Indal, R. S., Chavez, J. V., Garil, B. A., & Delos Reyes, R. B. (2024). *Alternative teaching strategies in learning Filipino language among dominant English speakers*. *Forum for Linguistic Studies*, 6(4). <https://doi.org/10.30564/fls.v6i4.6742>
- Meneses, L., Gelilio, A., & Janer, C. (2023). *Breaking barriers: Exploring language and pedagogical challenges in teaching the Filipino subject*. *Forum for Linguistic Studies*, 5(2), 136–148. <https://doi.org/10.54254/2753-7064/5/20231567>
- Montero, C., Tupas, T., & Tarrayo, V. N. (2018). *Teachers' shifting language ideologies and teaching practices in Philippine MTB-MLE classrooms*. *Linguistics and Education*, 47, 27–35. <https://doi.org/10.1016/j.linged.2018.07.001>
- Scribd. (2024). *Strategies and approaches in teaching Filipino subjects*. Retrieved from <https://www.scribd.com/document/812668055>

ARTICLE DETAILS

SKG-0000002; Received: June 4, 2025; Accepted: June 7, 2025; Published: June 11, 2025

CITATION:

Lamorinas, Daisy D. (2025). *Ang Hamon ng Pagtuturo ng Filipino sa mga Mag-aaral na Mas Sanay sa Ingles*. *Stock Knowledge Gazette: Opinions and Features*. DOI:

COPYRIGHT

Copyright © 2025 by author(s). *Stock Knowledge Gazette: Opinions and Features* is published by Stratworks Research Inc. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.